CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Agosto 10, 2020
Pakikipag-ugnay: Sergio Ramirez, Deputy Direktor, Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya, 562.570.6129, Sergio.Ramirez@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Magagamit na Ngayon ang Bagong Paradahan sa North Long Beach

Long Beach, CA - Ngayon, sa pamamagitan ng livestream, ang Lungsod ng Long Beach ay nagbukas ng bagong paradahan sa koridor ng negosyo ng Virginia Village na matatagpuan sa 5301 Long Beach Blvd. Binuhay ng bagong lote ang dating bakanteng lugar at nagbibigay ng pampublikong paradahan para sa komunidad.

“Ang bagong paradahan sa koridor ng negosyo ng Virginia Village ay muling nagre-aktibo ng lugar sa pamamagitan ng karagdagang opsyon sa paradahan,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Kami ay muling namumuhunan sa pagpapanatili, sa pamamagitan ng mahusay na paggamit ng enerhiya sa pag-iilaw upang lumiwanag ang karanasan sa pamimili sa North Long Beach.”

Ang pagdaragdag ng 19 bagong espasyo ng paradahan, kabilang ang espasyo na maaring gamitin pang-ADA at ang malapit nang maitayo na charging na istasyon ng dikuryentend sasakyan, ay susuporta sa paglago at mga oportunidad sa negosyo sa koridor.

“Ang bagong paradahan ay kumakatawan sa isang mahusay na milestone para sa komunidad at koridor ng negosyong ito,” sabi ng Miyembro ng Konseho na si Al Austin. “Ang Virginia Village ay isang komunidad ng maliliit na negosyo na nasa gitna ng pag-unlad at pagiging matagumpay na kwento sa pag-unlad ng ekonomiya sa Long Beach.”

Ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Long Beach ay nagsagawa ng isang pagsusuri sa ekonomiya sa lugar ng Virginia Village upang matukoy ang mga potensyal na mga pagkakataon at mga lugar na makakatulong sa pagpapabuti ng

koridor ng negosyo. Ang bagong lugar ng paradahan ay nagre-aktibo muli ng isang dating lugar ng pag-aayos ng kotse na nakuha ng Lungsod ng Long Beach noong 2011. Matapos ang mga taon ng pagsubaybay at pag-sample, ang lugar ay naituring na angkop upang sumulong sa konstruksyon.

Ang paradahan ay itinayo na may pagpapanatili at kahusayan sa paggamit ng enerhiya sa isip. Bilang karagdagan sa drought-tolerant na landscaping, itinatampok ng paradahan ang mga energy-efficient na LED na mga ilaw, at ang solar-powered na istasyon ng charging para sa mga dikuryenteng sasakyan ay malapit nang itayo.

Libre ang paradahan para sa susunod na 90 araw. Pagkatapos nito, ang isang nominal na bayad ay sisingilin upang suportahan ang pagpapanatili at ang pangangalaga sa kagamitan. Magagamit ang paradahan tuwing Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m hanggang 8 p.m at tuwing Sabado at Linggo mula 8 a.m hanggang 10 p.m.

Ang proyekto ay naging posible sa bahagi sa pamamagitan ng pagpopondo na ibinigay ng Konseho ng Distrito 8 at ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng dating pagpapaunlad ng pag-aari ng ahensya. Para sa karagdagang impormasyon sa mga hakbang sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng Lungsod, bumisita sa: longbeach.gov/economicdevelopment/.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach, pati na rin ang maraming award-winning na kagawaran ng Lungsod tulad ng Kalusugan, Parke, Libangan, at Marina, Serbisyo sa Pagpapaunlad at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

CITY OF LONGBEACH

PRESS RELEASE

Tungkol sa Kagawaran Pagpapaunlad ng Ekonomiya

Ang misyon ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Lungsod ay ang lumikha ng mga oportunidad sa ekonomiya para sa mga manggagawa, namumuhunan, at mga negosyante. Kabilang dito ang pagpapadali sa pagsisimula at paglaki ng isang negosyo, pag-streamline ng proseso para sa pag-unlad ng pag-aari, at pagbibigay sa mga negosyo ng bihasang manggagawa. Ang Kagawaran ay kinabibilangan ng Pagpapaunlad ng Ari-arian, Pagpapaunlad ng Negosyo, at ang Pacific Gateway Workforce Investment Network. Para sa karagdagang impormasyon sa Kagawarang ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Pag-aari, maaring bumisita sa http://www.longbeach.gov/economicdevelopment/ o sundan kami sa Twitter @LBEconDev at Facebook.

###